Lungsod ng Daly

ABISO SA PAMPUBLIKONG PAGDINIG PARA SA MGA IMINUMUNGKAHING RATE NG TUBIG

IBINIBIGAY DITO ANG ABISONG nagsasaad na magsasagawa ng pampublikong pagdinig ang Lungsod ng Daly nang **7:00 p.m. sa Hunyo 12, 2023, sa City Council Chambers na matatagpuan sa 333 – 90th Street, Daly City, CA 94015** upang pag-usapan ang mga iminumungkahing rate ng tubig sa parcel kung saan kayo ang ipinapakitang may-ari ng rekord o kostumer ng rekord.

Sa pampublikong pagdinig na ito, susuriin ng Konseho ng Lungsod ang lahat ng mga nakasulat na protesta laban sa mga iminumungkahing rate ng tubig. Bilang may-ari o kostumer ng rekord para sa parcel o mga parcel, maaari kayong magsumite ng isang nakasulat na protesta tungkol sa mga iminumungkahing rate. Para sa mga tenant na direktang nagbabayad ng kanilang bayarin sa tubig, responsibilidad ng may-ari ng ari-arian na ipagbigay-alam ang iminumungkahing abiso sa pampublikong pagdinig na ito sa tenant. Kung may mahigit sa isang may-ari ng rekord at/o kostumer ng rekord sa isang natukoy na parcel, isang protesta lang kada parcel ang bibilangin.

Kung gusto ninyong maghain ng nakasulat na protesta, mangyaring magpadala ng sulat, o post card sa: Protesta sa Rate ng Tubig, Tanggapan ng Clerk ng Lungsod, 333 – 90th Street, Daly City, CA 94015, o di kaya'y personal na ihatid ang nakasulat na protesta sa Tanggapan ng Clerk ng Lungsod sa parehong address. Ang isang protesta ay dapat na nasa anyo ng sulat, naglalaman ng paglalarawan ng ari-arian kabilang na ang Numero ng Parcel ng Assessor ng County (County Assessor's Parcel Number o APN), may kasamang lagda ng may-ari ng ari-arian o tenant, at dapat matanggap ito ng Tanggapan ng Clerk ng Lungsod sa o bago ang oras ng pampublikong pagdinig. Hindi tatanggapin ang mga protestang ipapadala sa pamamagitan ng email o facsimile.

Ipinagmamalaki ng Lungsod ng Daly na makapagbigay ng de-kalidad na inuming tubig sa mga residente at negosyo. Palaging nakakatugon o nakakalampas ang tubig ng Lungsod ng Daly sa mga pampederal at pang-estadong pamantayan sa inuming tubig. Bagama't maraming lokal na hamon sa supply ng tubig na nauugnay sa tagtuyot, kahandaan sa lindol, at pagtugon sa mga bagong demand ng paglago, sinisikap ng mga empleyado ng Lungsod ng Daly na matiyak ang tuloy-tuloy na paghahatid ng maaasahan at de-kalidad na tubig sa pinakamakatwirang presyong posible.

Dati pa man, nagpapanatili na ang Lungsod ng Daly ng ilan sa pinakamababababang rate ng tubig sa County ng San Mateo. Gayunpaman, sa mga kamakailang taon, hindi na nakakasabay ang mga rate ng tubig ng Lungsod ng Daly sa mga pagtaas ng gastusin. Malaki na ang itinaas ng halaga ng pagbili ng tubig mula sa San Francisco, na nasa kalahati ng gastusin ng Lungsod ng Daly para sa pagbibigay ng serbisyo sa tubig, at mas mabilis ang naging pagtaas na ito kumpara sa mga rate ng Lungsod ng Daly. Bukod pa rito, humantong sa pagkonserba ang mga kakulangan sa tubig, na siya namang nagpababa sa kita mula sa mga pagbebenta ng tubig. Dahil sa pagpapanatili ng mababababang rate ng tubig, nagkaroon ng pagbabawas sa mga paggastos sa mga kinakailangang pagpapahusay sa kapital. Sa ngayon, kailangan na ang mga pagtaas sa rate para mapondohan ang mga pagpapahusay sa kapital na siya namang magpapahusay sa pagkamaaasahan ng sistema sa tubig, makakapagpanatili sa mga pinansyal na reserba, at makakapag-stabilize sa posisyon sa pananalapi ng Departamento ng Tubig.

Dahil sa mga pagtaas sa gastos sa pag-operate, kasabay ng mga proyekto para sa patuloy na pagpapahusay ng kapital, nagrerekomenda ang Lungsod ng Daly ng isang pang-maraming taon na plano sa pananalapi simula sa Hulyo 2023, alinsunod sa isang na-update na Pag-aaral sa Rate ng Tubig. Simula sa Hulyo 2023, nagmumungkahi ang Lungsod ng Daly ng serye ng limang pagtaas sa rate. Epektibo sa Hulyo 1, 2023, tataas ang mga rate nang 4%. Para sa average na residensyal na account (gumagamit ng 12 daang cubic feet bi-monthly (150 galon kada araw) sa pamamagitan ng isang ¾- inch na metro), mangangahulugan ito ng buwanang pagtaas na nagkakahalaga ng $2.72.

Epektibo sa Hulyo 1 ng taong 2023, 2024, 2025, 2026, at 2027, tataas ang mga rate ng hanggang 4% kada taon. Bago ipatupad ang bawat pagtaas ng rate, kukumpirmahin ng Lungsod ng Daly ang pangangailangan para sa pagtaas ng rate sa susunod na taon. Bilang bahagi ng pagsusuring ito, posibleng i-adjust ang mga iminumungkahing singil sa kantidad para makapasa sa anumang hindi inaasahang pagtaas sa gastusin sa tubig mula sa San Francisco. Ang mga

iminumungkahing rate ay nakabatay sa mga pinakakamakailang pagtataya sa halaga ng tubig sa San Francisco kada isang daang cubic feet: $5.30 mula Hulyo 1, 2023; $5.30 mula Hulyo 1, 2024; $5.30 mula Hulyo 1, 2025; $5.30 mula Hulyo 1, 2026; at $5.30 mula Hulyo 1, 2027. Ikukumpara ang mga pagtatayang ito sa mga rate sa hinaharap na ia-adopt ng San Francisco. Kung sosobra ang na-adopt na rate sa tinatayang rate, idadagdag ang halaga ng pagkakaiba ng mga ito sa mga singil sa kantidad ng Lungsod ng Daly. Bibigyan ang mga tagabayad ng rate ng hindi bababa sa 30 araw na abiso bago magsagawa ng anumang pass-through na pag-adjust. Kung sakali mang tumaas ang mga gastusin sa hinaharap nang mas mababa kaysa sa tinataya, magpapatupad ng mas maliliit na pag-adjust sa rate.

Sisingilin ang mga tagabayad ng rate ng halaga ng pinagsamang base charge at singil sa kantidad, na nakabuod sa mga sumusunod na talahanayan.

Mga Iminumungkahing Rate

Mga Bi-Monthly na Base Charge (Singil kada Acct)

Metro Laki	Kasalukuyan ($/bi-	Mga Iminumungkahing Bi-Monthly na Base Charge				
		FY 2023-24	FY 2024-25	FY 2025-26	FY 2026-27	FY 2027-28
	% Pagtaas petsa ng pagk	*4%*	*4%*	*4%*	*4%*	*4%*
		7/1/2023	*7/1/2024*	*7/1/2025*	*7/1/2026*	*7/1/2027*
5/8" o 3/4"	$54.41	$56.59	$58.85	$61.20	$63.65	$66.20
1"	$82.94	$86.26	$89.71	$93.30	$97.03	$100.91
1 1/2"	$148.91	$154.87	$161.06	$167.50	$174.20	$181.17
2"	$230.66	$239.89	$249.48	$259.46	$269.84	$280.63
3"	$493.77	$513.52	$534.06	$555.42	$577.64	$600.75
4"	$848.66	$882.61	$917.91	$954.63	$992.81	$1,032.52
6"	$1,735.88	$1,805.32	$1,877.53	$1,952.63	$2,030.73	$2,111.96
8"	$3,278.89	$3,410.05	$3,546.45	$3,688.31	$3,835.84	$3,989.27
10"	$5,207.64	$5,415.95	$5,632.58	$5,857.89	$6,092.20	$6,335.89
12"	$6,866.36	$7,141.01	$7,426.65	$7,723.72	$8,032.67	$8,353.98

Mga Bi-Monthly na Singil sa Kantidad (Singil kada HCF)

Mga Kasalukuyang Rate				Mga Iminumungkahing Bi-Monthly na Singil sa Kantidad					
Laki ng tier			$/HCF	Laki ng Tier		FY 2023-24	FY 2024-25	FY 2025-26	FY 2026-27	FY 2027-28
				% Pagtaas petsa ng pagk		*4%*	*4%*	*4%*	*4%*	*4%*
						7/1/2023	*7/1/2024*	*7/1/2025*	*7/1/2026*	*7/1/2027*
Tier 1	0 – 13	HCF	$6.83	0 - 13	HCF	$7.10	$7.39	$7.68	$7.99	$8.31
Tier 2	14 – 26	HCF	$9.04	14 - 26	HCF	$9.40	$9.78	$10.17	$10.58	$11.00
Tier 3	27+	HCF	$12.48	27+	HCF	$12.98	$13.50	$14.04	$14.60	$15.18

HCF - hundred cubic feet (1 HCF = 748 galon)

Mga Halimbawa ng Bi-Monthly na Bayarin ng Kostumer

	Kasaluku	Mga Iminumungkahing Bi-Monthly na Bayarin				
	Mga	7/1/2023	7/1/2024	7/1/2025	7/1/2026	7/1/2027
Mababang Paggamit ng						
Singil sa Metro	$54.41	$56.59	$58.85	$61.20	$63.65	$66.20
Tier 1	$27.32	$28.41	$29.56	$30.72	$31.96	$33.24
Tier 2	$0	$0.00	$0.00	$0.00	$0.00	$0.00
Tier 3	$0	$0.00	$0.00	$0.00	$0.00	$0.00
Kabuuang Bayarin	$81.73	$85.00	$88.41	$91.92	$95.61	$99.44
Bi-monthly na Pagtaas		$3.27	$3.41	$3.51	$3.69	$3.83
Karaniwang Paggamit ng						
Singil sa Metro	$54.41	$56.59	$58.85	$61.20	$63.65	$66.20
Tier 1	$81.96	$85.24	$88.68	$92.16	$95.88	$99.72
Tier 2	$0	$0.00	$0.00	$0.00	$0.00	$0.00
Tier 3	$0	$0.00	$0.00	$0.00	$0.00	$0.00
Kabuuang Bayarin	$136.37	$141.82	$147.53	$153.36	$159.53	$165.92
Bi-monthly na Pagtaas		$5.45	$5.71	$5.83	$6.17	$6.39
Mataas na Paggamit ng						
Singil sa Metro	$54.41	$56.59	$58.85	$61.20	$63.65	$66.20
Tier 1	$88.79	$92.30	$96.07	$99.84	$103.87	$108.03
Tier 2	$99.44	$103.40	$107.58	$111.87	$116.38	$121.00
Tier 3	$0	$0.00	$0.00	$0.00	$0.00	$0.00
Kabuuang Bayarin	$242.64	$252.29	$262.50	$272.91	$283.90	$295.23
Bi-monthly na Pagtaas		$9.65	$10.21	$10.41	$10.99	$11.33

12 HCF Bi-monthly = 150 galon kada araw

ANG PAUNAWANG ITO AY MAAARING MATANGGAP SA TAGALOG. TUMAWAG PO LAMANG SA (650) 991-8200 PARA HUMILING NG KOPYA

ESTE AVISO ESTA DISPONIBLE EN ESPANOL, POR FAVOR LLAMA (650) 991-8200 PARA SOLICITARLO

這個通知有中文版本，請致電(650) 991-8200索取